THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#566 MAY 16 - 31, 2026 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Minister Rechie Valdez tutulong upang mapabuti ang relasyon ng Canada at Pilipinas



*Rechie Valdez, Minister of Women and Gender Equality at Secretary of State for Small Business and Tourism.*

***Ang Philippine Ambassador sa Canada na si Jose Victor Chan-Gonzaga binisita si Member of Parliament Rechie Valdez noong Abril 30.***

Si MP Valdez, na kasalukuyang nagsisilbi bilang Minister for Women and Gender and Equality at Secretary of State for Small Business and Tourism sa ilalim ng gabinete ni Prime Minister Mark Carney, tinanggap ang ambasador sa kanyang opisina sa Gatineau.

Pinag-usapan ng dalawa ang maraming development sa relasyon ng Pilipinas at Canada kasama ang mutual na interes ng dalawang bansa sa pagsuporta sa mga kababaihan at maliliit na negosyo.

Ang mga oportunidad para sa mas malalim na kolaborasyon ay kinilala sa mga sektor ng enerhiya, pagmimina, pagkain at turismo at sa pagpapalakas ng Filipino diaspora sa Canada.

I have seen Minister Valdez in various official and Filipino community events in the months since I arrived in Canada. I am always amazed and impressed by her vision and commitment both for Canada and the Filipino community. I am equally committed to working with her and her team in ensuring that we further deepen and strengthen the bilateral ties between the Philippines and Canada, and also in empowering the Filipino community so that they may be able to support the efforts of the Philippines and Canada towards achieving inclusive and sustainable economic growth, sinabi ni Ambassador Chan-Gonzaga sa isang pahayag matapos ang pagpupulong.

Si MP Valdez ang unang babaeng Canadian na may lahing Pilipino na nahalal sa House of Commons at ang pangalawang Pilipino matapos manungkulan si dating Member of Parliament Dr. Rey Pagtakhan. ***RCI***



*Minister for Women and Gender and Equality at Secretary of State for Small Business and Tourism Rechie Valdez, kaliwa, at Philippine Ambassador Jose Victor Chan-Gonzaga.*

# Survey: Pangulong Marcos highest-rated government official

**PILIPINAS** — Nanguna si Pres. Ferdinand Marcos Jr. bilang highest-rated national official sa pinakabagong 'Boses ng Bayan' nationwide survey ng RPMD Foundation Inc. habang nakitaan naman ng paghina sa approval ratings si Vice Pres. Sara Duterte kasabay ng umiinit na kontrobersiya at impeachment-related issues laban sa kanya.

Ginawa ang survey noong Abril 1-8, 2026 sa 5,000 respondents mula sa iba't ibang socioeconomic classes sa buong bansa gamit ang "Index of Governance" o IOG.

Nakakuha si Pres. Marcos ng pinakamataas na 57% IOG score, kalakip ang 56% trust at 58% approval na pinakamataas sa lahat ng top government officials na isinama sa survey.

Ayon sa RPMD, pinakamalakas pa rin ang suporta kay Marcos sa Balance of Luzon (58%) habang lumalakas din umano ang kanyang bilang sa Mindanao.

Si VP Duterte naman ay nagtala ng 54% IOG score, may 57% trust nugget 51% approval na pinakamababa sa mga pangunahing opisyal ng gobyerno. Gayunman, nananatiling malakas ang kanyang base sa Mindanao (60%).

Sa Visayas, hati ang opinyon ng mga botante ngunit bahagyang pabor umano kay Marcos.

Sa Class E ay hati ang suporta kina Marcos at Duterte ngunit may bahagyang lamang ang Bise Presidente. Sa Class D o pinakamalaking voting bloc ng bansa, halos tabla ang dalawa, habang mas maraming nasa ABC classes ang pumapabor kay Marcos.




*Pangulong Ferdinand Marcos Jr.*

"This is the political mood of Filipinos now," ani Dr. Paul Martinez, Executive Director ng RPMD at Global Affairs Analyst. Aniya, mas nagiging mapanuri at mas politically engaged na ngayon ang mga Pilipino. *Pilipino Star Ngayon*

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Mga pharmacist sa Ontario bibigyan ng kapangyarihan na gamutin ang mas maraming sakit

***At magturok ng mas maraming bakuna***



***Ang mga pharmacist sa Ontario magkakaroon ng pinalawak na awtoridad kaugnay ng treatments at vaccine simula Hulyo***

**Ang mga parmasyutiko sa Ontario ay pahihintulutan na magbigay ng mas maraming bakuna at gamutin ang mas maraming pangkaraniwang sakit, bilang parte ng nagpapatuloy na aksyon ng gobyerno na palawakin ang kanilang scope of practice.**

Sinabi ni Health Minister Sylvia Jones na ang mga tao ay makakakuha ng mas mabilis na access sa pangangalaga at gagaan ang pressure sa primary care at emergency departments.

Simula Hulyo, ang mga parmasyutiko ay maaaring magsagawa ng pagbabakuna para sa tetanus, whooping cough, diphtheria, respiratory syncytial virus, shingles at pneumococcal vaccines.

Pinayagan na ng gobyerno ng Ontario ang mga parmasyutiko na i-assess at gamutin ang 19 na pangkaraniwang sakit, at ngayon plano na magdagdag ng siyam pa, kasama ang head lice, nasal congestion, ringworm at warts.

Sinabi ni Jones na may mga plano na magdagdag ng lima pa sa listahan sa unang bahagi ng 2027.

Inutusan din ng gobyerno ang regulatory colleges ng Ontario para sa mga optometrist, physiotherapist, chiropractor, dental hygienist, denturist, at audiologist and speech-language pathologist na magdebelop ng framework para mapalawak ang scope of practice ng mga propesyon na iyon. *RCI*

"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4

Main Intersection: Yonge & Steeles

# Ombudsman Remulla kay Sen. Bato na nagtago ulit: Anong klaseng tao 'yan?




**Pinuna ni Ombudsman Jesus Crispin Remulla si Sen. Ronald "Bato"dela Rosa dahil sa muling nitong pagtatago upang makaiwas sa arrest warrant na inilabas ng International Criminal Court (ICC). Giit ni Remulla, indikasyon na may kasalanan ang nagtatago sa batas**.

Inihayag ito ni Remulla bilang reaksyon sa sinabi ni Dela Rosa kamakailan kung saan pinasalamatan niya si Remulla sa pagbibigay umano sa kaniya ng paunang babala tungkol sa arrest warrant na inilabas ng ICC warrant laban sa kanya.

Ang naturang arrest warrant ay para sa pagkakasangkot ni Dela Rosa sa umano'y crimes against humanity kaugnay ng mga namatay sa drug war na ipinatupad ng dating administrasyong Duterte, kung saan nagsilbi siya bilang dating hepe ng Philippine National Police.

Noong nakaraang Nobyembre 2025, binanggit ni Remulla sa isang pulong balitaan na mayroong nang arrest warrant si Dela Rosa. Mula noon, nagtago na ang senador at hindi na dumalo sa mga sesyon ng Senado.

Muli lang lumutang si Dela Rosa kamakailan at dumalo sa sesyon ng Senado at bumoto– kasama ang 12 senador-- para mapatalsik si Sen. Tito Sotto bilang Senate President, at ipinalit ang kaniyang kaalyado na si Sen. Alan Peter Cayetano.

Ngunit bago ang botohan, tinangka ng mga tauhan ng National Bureau of Investigation (NBI) na arestuhin si Dela Rosa sa bisa ng arrest warrant ng ICC.

Matapos ang naturang botohan, isinailalim sa protective custody ng Senado si Dela Rosa. Pero umalis siya nang Huwebes ng madaling araw, ilang oras matapos ang shooting incident sa Senado noong Miyerkules May 13, 2026 ng gabi.

"Nagtataka ako sa kaniya [Dela Rosa], naging chief PNP siya, tumatakbo siya sa batas. Humarap siya. Bakit niya ginugulo 'yung mundo?" ayon kay Remulla sa press conference.

"Managot ka sa iyong mga gawain. Sagutin mo. Kung wala ka talagang kasalanan, harapin mo. Anong klaseng tao 'yan? Ganyan ba dapat senador natin? Tumatakbo sa batas?," dagdag ni Remulla.

*- GMA News*

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.


We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.




With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!




**For More Information CALL: 647-877-6133**

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

**VP Sara Duterte impeachment lusot sa kamara; Sara tuloy ang 5-country trip sa Mayo; BIR inutos ang tax audit kay VP Sara, asawa, 9 negosyo; Escudero at Ngu bawal umalis; Bato gustong pumasok subalit natatakot maaresto ng ICC; Sara-Chavit sa 2028 gusto ng dating 'Marcos loyalists'Sa botong 53-0, lusot ang impeachment complaint nina Saballa at Cabrera laban kay VP Sara Duterte matapos makitaan ng probable cause ang 2 reklamo ayon sa House Committee on Justice nitong Miyerkoles, Abril 29, at ang mabigat sa ginawang botohan ay ... Wala ni isa mang kumontra kahit kasangga ni Inday Sara.**

**********

Kasunod nito ay ihahanda na ng justice committee ang report at kalakip na resolusyon para sa susunod na hakbang na iakyat na sa plenaryo ng Kamara de Representantes ay ...

**Kumuha ng 1/3 votes para dalhin na reklamo sa Senado.**

********

Matapos ang botohan, nagmosyon si Rep. Leila de Lima na pag-isahin na lamang ang dalawang impeachment complaint dahil pareho lang ang ginamit na ground ng mga complainant at agad naman itong sinegunduhan ni House Committee on Justice Chair Atty. Gerville Luistro ng Batangas.

**Unanimous at wala rin kumontra sa motion ni Ateng Lei la.**

********

Kayang kumuha ng mahigit 1/3 votes sa mga miyembro ng Plenaryo dahil malakas pa rin ang kapit ni PBBM sa mga Kongresmeyn kahit di na Speaker ng House si Martin Romualdez dahil malayo pa 2028 election at...

**Cong pa rin si Sandro Marcos at Erpat pa rin niya Pangulo.**

********

Sinabi naman ni SP Tito Sotto na handa naman ang Senado kung iaangat ng Kongreso ang impeachment complaint ni VP Sara sa kanila at ebidensiya umano ang tunay na...

**Mananaig at maghahari sa rek - lamo kontra Bise Presidente.**

********

Ang hinihintay daw ng mga Kongresista ay ang impeachment complaint na ipa-file ulit kontra ke VP Sara Duterte matapos ang Pebrero 6, 2026 na katapusan ng one year bar sa unang reklamo kontra VP Sara at iyon ang ...

**Aakyat agad sa Senado dahil sa 200+ pirma ng mga Kong.**

********

Tiniyak naman ni Senate President Tito Sotto na mabilis na aaksiyunan ang impeachment complaint laban kina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at Vice President Sara Duterte sakaling may maghain ng reklamo laban sa kanila at makarating sa Senado.

**"Forthwith" at with dispatch ang aksiyon ni Tito Sen. Aprub. .**

********

Walang VIP treatment nakuha si dating Senador Bong Revilla Jr. ng ikinulong Lunes ng gabi sa Quezon City Jail-Male Dormitory sa Payatas, Quezon City matapos itong sumuko bunga ng kinakaharap nitong kaso sa Sandiganbayan ayon kay DILG Sec. Jonvic Remulla na nagsabing...

**Trabaho lang, walang kaibigan sa kapwa Cavitenong pulitiko.**

********

Sa Enero 23 babasahan ng sakdal si Revilla at iba pang kapwa akusado sa umano'y P92.8 milyong "ghost" flood control project sa Pandi, Bulacan at dito rin tatalakayin ang mosyon ng dating senador na ilipat siya sa PNP custodial center sa Camp Crame, Quezon City.

**Kulong si Revilla kahit na kaalyado ni Pres. Bongbong.**

********

Patuloy ang pagbuga ng bulkang Mayon sa Albay Bicol Region ng lava dome at lava flow gayundin ng 338 rockfall events at 72 Pyroclastic Density Currents o "uson" at nakita rin ang crater glow sa bulkan at nagluwa ng nasa 4,970 tonelada ng asupre ng ayon sa latest monitoring sa bulkan ng Phivolcs sa nakalipas na 24 oras habang tinitipa ko ating kolum kayat ...

**Nananatiling nasa ilalim ng alert level 3 status ang Mayon na may mataas na aktibidad.**

********

P10 milyong reward para sa sino mang magbibigay ng impormasyon para maaresto ang negosyanteng si Charlie "Atong" Ang ayon kay DILG Sec Jonvic Remulla nitong Huwebes dahil siya na lamang ang natatanging hindi naaaresto sa 18 akusado sa mga missing sabungero kayat...

**Top 1 Most Wanted na sa Pinas itong si Atong Ang.**

********

Sa mga pinuntahang bahay ni Atong Ang ng mga tauhan ng CIDG sa Metro Manila at Region 4-A ay hindi natagpuan ang negosyante kaya patuloy pa rin ang kanilang ginagawang paghahanap dahil lubhang napakayaman umano ni Ang kaya maraming condo at bahay sa mga mayayamang subdivision at lugar ang kinukonsiderang suyurin ng otoridad. Pero...

**Ang tanong: Nasa Pinas pa ba si Atong Ang?**

# Pagkalat ng hantavirus sa loob ng Canada hindi inaasahan, ayon sa opisyal ng kalusugan

Kinikilala ni chief public health officer ng Canada na si Dr. Joss Reimer na ang Canadians ay kinakabahan tungkol sa outbreak, lalo na't ilang taon pa lang ang lumipas mula nang maganap ang COVID-19 na pandemya, at nais niyang maging tapat tungkol sa nalalaman ng Public Health Agency of Canada.

Sinabi ni Dr. Joss Reimer sa isang news conference na kinokontak ng mga local public health unit ang 26 katao na sakay ng eroplano ng isang kaso ng hantavirus. Ang kaso na ito ay mula sa isang nakamamatay na hantavirus outbreak na nagsimula sa luxury cruise ship na MV Hondius.

Ang 26 katao ay kinokonsidera na low-risk, ani Reimer, dahil walang ebidensya na sila ay nagkaroon ng anumang direkta o matagal na kontak sa kaso ng hantavirus. Hindi sinabi ni Reimer kung saang mga probinsya nakatira ang mga taong ito.

*Local public health is working to get in contact with all 26 of those individuals to ensure that they are aware that they were on that flight, that they have information about what symptoms they need to be watching for and that they are being monitored throughout the at-risk period*, ani Reimer.



***Dr. Joss Reimer -chief public health officer***

Dala ang kabuoang bilang ng Canadians na konektado sa hantavirus outbreak sa 36. Kasama rito ang siyam na high-risk contacts, anim sa kanila ay mga pasahero sa naturang cruise ship.

Lahat ng iba pa, ayon sa federal health officials, ay nananatiling low-risk. Ang total kasama rin ang isang tao na ngayon ay napag-alaman na low-risk, matapos dating na-identify na high-risk.

Ang isang high-risk contact ay indibidwal na nasa luxury cruise ship o nagkaroon ng direkta, matagal na kontak sa isang kumpirmado o pinaghihinalaang kaso ng hantavirus.

***Ang pangunahing bagay na dapat gawin ng mga tao ay umiwas sa mga daga, at ligtas na i-disinfect ang mga lugar na nakontamina ng mga daga.***

Sinabi ni Reimer na tatlo pang Canadian ang maaaring nagkaroon ng brief contact sa isang kumpirmadong kaso ng hantavirus sa isang flight.

Kasama rito ang dalawang tao sa Alberta at isang tao sa Ontario. Kinumpirma ni Reimer na ang mga taong ito ay nasa Canada, ngunit walang ebidensya ng mga sintomas sa panahon na ito.

Inirerekomenda ng ahensya na ang mga indibidwal na ito ay manatiling isolated hanggang lumipas ang risk period.

Sinabi ng gobyerno na ito ay nakikipag-usap sa apat na Canadian na nasa barko at wala sa kanila ang nag-report na may sintomas sa ngayon.

Sinabi ng gobyerno na ito ay nag-aalok ng suporta sa apat na Canadians at sinisikap na maibalik sila nang ligtas sa bansa.

Sa ngayon, sinabi ng mga opisyal na hindi sila makakapagsalita tungkol sa return plan para sa apat na Canadian na nakasakay pa rin sa barko, ngunit sinabi na lahat ng necessary measures ay ipapatupad. Kasama rito ang distancing at personal protective equipment.

Ang dahilan kung bakit wala silang pinal na plano ay dahil kailangan pa nilang makakuha ng updates mula sa health officials na nakasakay sa barko na ginagawa ang risk assessments. Ang impormasyon na ito bibigyan sila ng kaalaman upang ligtas na maibalik ang mga Canadian na nasa barko, ani Reimer. ***RCI***

# Zwilling Kettles pinabalik ng Health Canada dahil sa potensyal na burn risk

Sinabi ng Health Canada na ang mga apektadong kostumer ay dapat huminto sa paggamit ng kettle kaagad

Ilang Zwilling electric kettles ang pinabalik ng Health Canada (bagong window) dahil sa posibleng panganib na mapaso ang gagamit nito.

Ang recall nag-a-apply sa Zwilling Efinigy Kettle at Efinigy Kettle Pro devices na may 1.5 L capacity.

Ayon sa kompanya, 43,963 ng mga kettle na ito ang binenta sa Canada sa pagitan ng Pebrero 2020 at Pebrero 2026.

Sinabi ng Health Canada na ang hawakan ng kettle ay maaaring lumuwag o madaling mabali habang ginagamit ito.

In isolated cases, the product defect may cause hot water to spill from the kettle, creating a risk of scalding injuries to the user or bystanders in the immediate area, including small children, ayon sa website ng Health Canada.

Ang kompanya nakatanggap ng 21 reports ng insidente at isang report ng posibleng injury sa Canada mula Mayo 13, 2026, ayon sa notice.

Ang mga konsyumer dapat huminto sa paggamit ng mga apektadong kettle kaagad, ayon sa Health Canada, at magparehistro para makakuha ng refund.

Para sa mas maraming impormasyon, maaaring kontakin ng mga konsyumer ang Zwilling (bagong window), at hinihikayat ng Health Canada ang sinuman na nakakaranas ng safety issues kapag ginagamit ang produkto na i-report ang mga insidente na ito. ***- RCI***

# Zwilling Kettles pinabalik







# 25 milyong Pinoy pabor sa VP Sara impeachment trial



Vice President Sara Duterte

**MANILA** — Umaabot na sa 25 milyong Pilipino ang nakilahok sa isang online signature campaign na naglalayong isalang si Vice President Sara Duterte sa impeachment trial sa Senado.

Ito ang inihayag ni Polytechnic University of the Philippines (PUP) Prof. Louie Montemar sa News Forum sa Dapo Restaurant, Quezon City.

Ayon sa kanya, patuloy na nadaragdagan araw?araw ang bilang ng mga lumalahok sa naturang kampanya. Sa loob lamang ng dalawa hanggang tatlong oras matapos ilunsad ang online signature, umabot agad sa halos 3 milyong pirma ang nakalap.

"At tingin ko alam nilang lahat na kahapon may nag-launch ng isang online signature campaign at sa loob lamang ng two to three hours may lumabas na halos 3 million pirma na nanawagan na ituloy ang impeachment at i-impeach si Sara," ani Montemar.

"Ngayong madaling araw chineck ko, nasa 5 million na Filipino families. Imultiply mo 'yan by five dahil ang average Filipino family size ay five to six. So that means there are 25 million Filipinos out there at least who want to see the trial proceed at the very least," ani Montemar, propesor ng Sociology at Political Science.

Ang naturang kampanya ay kasunod ng anunsyo ng Senado na naghahanda na silang talakayin ang Articles of Impeachment na ipinasa ng Kamara, kung saan 257 ang bumoto pabor, 25 kontra, at 9 abstain.

Si VP Sara ay nahaharap sa mga alegasyon ng irregularidad sa paggasta ng P612.5 milyong confidential funds, hindi maipaliwanag na kayamanan, panunuhol, at umano'y death threats laban kay Pa¬ngulong Ferdinand Marcos Jr., First Lady Liza Araneta Marcos, dating Speaker Martin Romualdez, at iba pang opisyal.

*- Pilipino Star Ngayon*

# One-time GST top-up papasok sa account ng Canadians sa Hunyo, Grocery Benefit sa Hulyo



***Ang groceries and essentials benefit ng Liberal na gobyerno papasok sa mga bank account ng Canadians sa Hulyo, habang ang one-time GST top-up darating sa Hunyo.***

Ang groceries benefit ng Liberal na gobyerno at ang one-time GST top-up na inanunsyo noong Enero ay magsisimulang pumasok sa mga bank account ng Canadians sa Hunyo at Hulyo.

Noong unang bahagi ng taon, inanunsyo ni Prime Minister Mark Carney ang Canada Groceries and Essentials Benefit, na sinabi niya ay ibu-boost ang natatanggap ng mga pamilya at indibidwal sa pamamagitan ng kanilang GST rebate sa susunod na limang taon.

Ang GST rebate ay isang tax-free payment na tina-target ang mga Canadian na mababa at katamtaman ang kita. Simula sa Hulyo, ang quarterly rebate ay tataas ng 25 porsyento — at mananatili sa mas mataas na lebel na iyon sa susunod na limang taon.

Ang nagpapatuloy na 25 porsyento na boost mangangahulugan na ang isang pamilya na may apat na miyembro na kwalipikado para sa maximum na benepisyo na $1,100 ay makakakuha ng hanggang $1,400 kada taon going forward, habang ang indibidwal na kwalipikado para sa maximum na $540 ay makakakuha ng $700 kada taon.

Simula sa Hulyo, ang GST rebate ay tatawaging Canada Groceries and Essentials Benefit at ito ang makikitang pangalan sa mga bank statement.

Isa pang parte ng affordability announcement ng gobyerno noong Enero ay ang pangako ng mga Liberal na bibigyan ang Canadians ng isang one-time 50 porsyentong top-up sa GST rebate na nakuha nila mula Hulyo 2025 hanggang Hunyo 2026.

Ang one-time top-up na ito ay darating sa Hunyo 5.

Ang one-time boost itataas ang $1,100 maximum na nakuha ng isang pamilya na may apat na miyembro noong Hulyo ng nakaraang taon hanggang Hunyo ngayong taon sa $1,890 at itataas ang $540 na nakuha ng isang indibidwal sa $950.

We are offering this one-time payment to help with affordability and relieve some of that pressure for those who need it most, sinabi ni Wayne Long, ang secretary of state para sa Canada Revenue Agency, sa isang pahayag ngayong Biyernes.



Sino ang eligible para sa GST rebate


Ang income cutoff rate mag-iiba-iba kada taon, depende sa inflation ngunit para maging eligible, kailangan ikaw ay isang Canadian resident para sa tax purposes and at least 19 taong gulang.

Para sa 2024 tax year, kung saan batay ang kasalukuyang payouts, ang isang single person na walang anak na may adjusted net income (kita na binawasan ng eligible deductions) na $56,181 o mas mababa ay makakakuha ng GST rebate.

Ang kasal o common-law couple na may dalawang anak makakakuha ng rebate kung ang kanilang family income ay $66,841 o mas mababa.


Tinataya ng gobyerno na may 12 milyong katao na makakakuha ng GST rebate.
- ***RCI***

# Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab















# Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www. JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"






TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***


We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***




## John 3:16

***"For God so loved the world that he gave his one and only Son, that whoever believes in him shall not perish but have eterrnal life."***

The new world is not a dream it's a promise.

And Jehovah, who brought you this far, will make sure you see it with your own eye




## The Devil

Has come down to you

Having great anger

Knowing that he has a

Short period of

**Time.**

Revelation 12:12

## 1 Corinthians 15:58

*"Therefore, my beloved brothers, **be steadfast, immovable, always having plenty to do in the work of the Lord**, knowing that your labor is not in vain in connection with the Lord."*

**UNTIL WE REACH THE NEW WORLD**